Pang

Basehan

Tulong sa Paggamit ng Tubig

Noda City Waterworks Department

Ang guide na ito ay para sa waterworks, mula sa proseso ng pag bukas ng tubig hanggang sa pagbayad, mayroong gabay na nakalagay ang kung magkano ang tubig, at ang pagiingat sa paggamit ng tubig. Laging dalhin ang guide na ito.

Mga Proseso

Gawin ang proseso 3-4 na araw bago gagamitin

Sundin ang mga proseso sa mga sumusunod:.

Para maiwasan ang problema, ang Watereotks Department ay nag papalit ng ownership at ng billing address gamit ang notification ng pagbago sa Water Supply Contract na dala ng customer.

Kinakailangang mag send ng notification tuwing bubuksan o isasara ang water supply, sa pagiba ng user, atbp. Isabmit agad ang notification tuwing gagawa ng pagbabago.

◆ Sa paggamit ng tubig (pagtira sa bahay/paglipat ng tirahan)

Ang laman ng kontrata ay base sa mga batas ng Noda City para sa tubig.

- Bago buksan ang tubig, tawagan ang Customer Service Center patungkol sa sumusunod na impormasyon sa telepono o sa internet (tingnan ang pahina sa kanan), o isabmit ang Application for Water Supply Contract (postcard).

① Pangalan ② Lugar (lugar ng gripo) ③ Petsa ng pagsimula ④ Bilang ng gumagamit ⑤ No. ng Telepono

- Simulan ng mas maaga ang proseso ng 3-4 na araw dahil hindi agad magagamit ang tubig sa araw na tumawag ka sa Customer Service Center.

Walang Tubig?

Ikutin ang stopcock (Pihitan ng tubig) katabi ng metro sa loob ng box ng metro sa kaliwa.

◆ Sa pagtigil ng paggamit ng tubig (Paglipat ng bahay/pagiba ng tirahan)

- Sa pagtigil ng paggamit ng tubig, tawagan ang Customer Service Center tungkol sa sumusunod na impormasyon sa telepono o internet (tingnan ang pahina sa kanan), o isabmit ang Notification of (Canceling/Discontinuing) Water Service Installation.

① No. ng Customer (water tap no.) ② Pangalan ③ Petsa ng pagtigil ④ Bagong tirahan ⑤ No. ng telepono

- Sa araw ng pagtigil ng paggamit ng tubig, makokompirma ang meter reading at magbabago ang bayarin.
- Laging tandaan na kapag walang notification, kailangan parin magbayad ng tubig kahit nakalipat na kayo ng bahay.

◆ Sa pagbabago ng nagmamayari o gumagamit

- Kapag nag iba ng gumagamit ng tubig, tawagan ang Customer Service Center.
- Kapag nag iba ng nagmamayari dahil sa pagbili/pagbenta, pagrent, ipinamana, atbp. Isabmit ang Notification of Change in Water Supply Contract sa Customer Service Center.
- Isabmit agad pag nagpalit dahil maapektohan ang bagbabago ng bayaran, atbp.

◆ Sa pagpapalagay ng bagong metro ng tubig

Tawagan ang Waterworks Department. (Tingnan ang contact information sa huli ng guide na ito.)

◆ Kapag suspendido ang paggamit (tanggal ang metro)

Tawagan ang Waterworks Department. (Tingnan ang contact information sa huli ng guide na ito.)

Maaring gawin ang mga proseso sa internet! Pagtigil/paghinto ng paggamit ng tubig atbp.

Mga prosesong pwedeng gawin sa internet

1. Application sa paggamit ng tubig
2. Application sa pagtigil ng tubig
3. Application sa paggamit at pagtigil ng tubig ng sabay (Kapag magiiba ng tirahan sa loob ng lungsod)
4. Application sa pagbago ng pangalan ng gumagamit ng tubig
5. Pagrequest ng delivery ng mga application form

Para sa prosesong paggamit ng internet:
http://www.city.noda.chiba.jp/suido/1028372/index.html

Paalala

- Sa proseso paggamit ng internet, pwedeng magapply sa loob ng 1 buwan at 2 business days sa petsa na paggamit at petsa na pagtigil. Sa ibang araw, magpa-apply sa personal o sa telepono.
- Kailangang ang iyong email address para makatanggap ng mga email patungkol sa mga natapos ng mga pagaayos, atbp.
- Ang proseso para sa pagbabago ng account ay hindi pwede sa internet. Magapply sa personal sa financial institution kung saan nakalagay ang iyong account.

Mizuka-chan ng Noda

Mula sa Pagbasa ng Metro Hanggang sa Pagbabayad

Pagbasa ng Metro

- Pinapabasa namin ang metro sa pribadong kompanya.
- Ang taga gabay ay ang meter reader na nakasuot ng name tag na mayroong dalang ID.
- Binabasa ang metro tuwing 2 buwan sa gitna ng 1st at 7th na buwan, at may printout ng meter reading na ilalagay sa mail slot.

Bayarin

Pinapadala ang paalala ng bayarin sa tuwing 2 buwan pagkatapos ng buwan kung saan binasa ang metro.

※ Hindi pinapadala ang paalala ng bayarin sa mga customers na nagbabayad sa account transfer o credit card.

Due Date ng Pagbayad

Ang pagbayad ay hanggang sa huling araw ng buwan kung saan binasa ang metro.
(o sa sumunod na business day kapag ang araw ay business holiday para sa financial institution).

Pagbayad

Pagbayad sa account transfer	Ang bayarin ay ililipat sa huling araw ng buwan na binasa ang metro sa account. (Ang due date ng bayarin ay ang petsa ng paglipat.)
Pagbayad kasama ang paalala ng bayarin	Pinapadala ang paalala ng bayarin sa bandang gitna ng buwan kung saan binasa ang metro. Magbayad sa due date ng bayarin.
Pagbayad sa credit card	Dahil ang petsa ng pagbayad, atbp. ay magkaiba depende sa companya ng credit card, tingnan ang credit card statement ng companya ng credit card patungkol sa pag-gamit, petsa ng pagbayad, atbp.
Pagbayad sa smartphone	Ang pamamaraan ng pagbayad na ito ay gumagamit ng app sa smartphone, atbp. para basahin ang barcode na nakalagay sa paalala ng bayarin. • Pagbayad sa PayPay bill (pwede hanggang 300,000 yen) • Pagbayad sa LINE Pay bill (pwede 50,000 yen pababa)

～・～・～Salamat sa inyong pakikisama～・～・～

Pagbasa ng Metro/Pagpalit ng Metro

Pakiusap sa inyo na ilagay ang metro sa lugar na madali itong basahin para mababasa ito ng meter reader ng tama at makikita agad kung may tulo.

◎Pagbasa ng Metro

- Huwag ipatong ang anumang bagay sa ibabaw ng meter box.
- Huwag hayaang naka-kawala ang inyong aso. lagyan ng tali ang aso at ilayo sa meter box.
- Panatilihing malinis ang loob ng meter box at walang basura, atbp.

◎Pagpalit ng Metro

- Pinapalitan ang metro dahil ang hangganan nito ay 8 na taon ayon sa batas.

Ipapaalam sa inyo ang panahon ng pagpalit sa lalong madaling panahon sa postcard/flier. Salamat sa inyong pakikisama.

Paano Basahin ang Paalala sa Paggamit ng Tubig, Bayarin, atb. (Papel pang basa ng metro)



使用水量・料金等のお知らせ

様

年　月～　年　月使用分　検針員

検針日

❶ 今回指針 ㎥
(−)前回指針 ㎥
❷ (+)旧メーター水量 ㎥
❸ 今回ご使用水量 ㎥
❹ 汚水排除量 ㎥

水道料金 円
(内消費税額 円)
下水道使用料 円
(内消費税額 円)
❺ 合計料金 円

❻ ◎口座振替日、納入期限は　年　月　日です。

❼ お客様番号	❽ 確認コード	
地区番号	メーター番号	口径

❾ 水道料金・下水道使用料振替済みのお知らせ(口座振替用)

年　月～　年　月使用分　年　月　日振替

水道料金 ㎥ 円
(内消費税額 円)
下水道使用料 ㎥ 円
(内消費税額 円)
合計料金 円

通信欄

◎次回検針は　年　月1日～7日頃の予定です。
◎メーター付近に犬をつないだり物品を置かないでください。なお、検針不可能の際は、使用水量を認定いたします。
口座振替およびクレジット払い以外の方は今月中旬以降に郵送するはがきによる納入通知書で納入してください。
このお知らせ票での料金の納入はできません。

❶ Ang nakaraan at kasalukuyang meter reading at petsa ng meter reading

❷ Dami ng tubig sa oras ng pagpalit ng metro

Pagkatapos mapalitan ang metro, dilto akalagay ang tubig na nagamit mula sa petsa ng huling binasa ang metro hanggang sa petsa na pinalitan ang metro.

❸ Kasalukayang nagagamit na tubig

❹ Dami ng Wastewater na inilalabas

※ Dami ng Wastewater na inilalabas ay makikita lamang ng mga customers na gumagamjt ng public sewerage.

❺ Itinakdang halaga ng bayarin

❻ Due date ng bayarin

❼ Customer No.

Gamitin ang number na ito kapag magi-inquire.

❽ Confirmation Code

Kailangan ang number na ito sa pag aapply ng bayarin sa credit card.

❾ Notification of completed account transfer

Pinapakita dito ang petsa ng account transfer ngnakaraang meter reading, dami ng nagawang account transfer, atbp.

※ Ang "Paalala sa Paggamit ng Tubig, Bayarin, atb." na ito ay hindi pwedeng gamitin para sa pagbayad.

※ Ang "Paalala sa Paggamit ng Tubig, Bayarin, atb." na ito ay hindi ginagamit pangkolekta ng bayarin, atbp.

※ May dalang ID ang tagabasa ng metro.

Pamamaraang Pagbayad ng Tubig

◎ Maaaring pumili ng pamamaraan ng pagbayad sa mga sumusunod: (1) Account Transfer; (2) Biling Notice; (3) Credit Card; at (4) Smartphone.

(1) Pagbayad sa Account Transfer

□ Ang pagbayad sa account transfer ay magaan na paraan na pagbayad. Magapply sa financial institution kung saan mayroon kang account at ang mga bayarin ay mababawas agad sa account na iyon.

◆ Kung Paano Magpa-apply

Magapply sa isa sa mga designated financial institutions, atbp. sa gusto ninyong bayaran sa account transfer.

○ Mga Designated financial institutions, etc.

Chiba Bank	Resona Bank	Sumitomo Mitsui Trust Bank
Chiba Kogyo Bank	Saitama Resona Bank	Musashino Bank
Mizuho Bank	Keiyo Bank	Tokyo Bay Shinkin Bank
MUFG Bank	Higashi-Nippon Bank	Chuo Labour Bank
Sumitomo Mitsui Bank	Joyo Bank	JA Chiba Tokatsu

※ Simula noong Abril 1, 2021 ang MUFG Bank ay account transfer lamang ang inaasikaso.

※ Simula noong Abril 1, 2022 ang Sumitomo Mitsui Bank ay account transfer lamang ang inaasikaso.

※ Joyo Bank ay hanggang Marso 31, 2022 nalang maaring mag asikaso ng mga transaksyon.

Japan Post Bank/Post Offices

Japan Post Bank at ang post office locations nationwide ay pwedeng gamitin sa pagbayad sa account transfer.

Pagbayad sa Billing Notice ay limitado sa Chiba Prefecture, Kanagawa Prefecture, Tokyo, Saitama Prefecture, Ibaraki Prefecture, Tochigi Prefecture, Gunma Prefecture, at Yamanashi Prefecture.

◆ Mga Kailangan Para sa Proseso

① Request Form ng Account Transfer

Gamitin ang request form na usting sa Waterworks Department o ang request form na usting sa financial institutions ng lungsod. At ang mga usting gumawa ng application sa financial institution sa labas ng lungsod ay icontact ang Customer Service Center at mag request ng account transfer na ipadadala sa kanilang tahanan.

Kapag gusto ninyong gamitin ang Japan Post Bank/post offices, gamitin ang request form na makukuha sa Japan Post Bank.

② Resibo, meter reading printout, atbp. Na mayroong no. ng customer (water tap no.)

③ Ang nakarehistrong seal na ginamit sa financial institution, atbp.

④ Account No.

◆ Petsa ng Account Transfer

Huling araw ng buwan kung saan binasa ang metro (o sa susunod ng business day kung ang araw ay business holiday ng financial institution)

◆ Petsa na Sinimulan ng Account Transfer

- Ang simula ng pag bayad sa account transfer ay 1-2 na buwan pagkatapos ng pag-gawa ng application.
- Ipapadala ang Paalala ng Bayarin hanggang pagtapos ng proseso ng application.

(2) Pagbayad sa Paalala ng Bayarin

Ipapadala ang Paalala ng Bayarin sa gitna ng buwan na binasa ang metro.

Magbayad sa designated financial institution, atbp. Convenient store, o sa Customer Service Center bago sa due date ng bayarin.

○ Mga Convenience Store

Family Mart	7-Eleven	Poplar
Ministop	Hasegawa Store	Lawson
Seikatsu Saika	Kurashi House	Three Eight
Convenience stores with Multimedia Kiosks (MMK)	Seicomart	Taiei
Hamanasu Club	Lawson Store 100	
New Yamazaki Daily Store	Yamazaki Daily Store	
Yamazaki Special Partner Shop	Daily Yamazaki	

○ Iba pa

Noda City Waterworks Department Customer Service Center
(8:30 a.m.–8:00 p.m.)

Chiba Bank, Noda City Hall Branch
(9:00 a.m.–4:00 p.m.)

(3) Pagbayad sa Credit Card

Para mag apply, pumuna sa internet gamit ang computer o smartphone at gamitin ang "yahoo! Kokin Shiharai" (Yahoo! Utility Bill Payment) offered by Yahoo Japan Corporation.

- Mga maaring gumamit: Mga mayroong 13mm, 20mm, or 25mm-diameter water meter na ang total ng bayarin tubig at ng wastewater ay umaabot ng 100,000 yen, o ang mayroong one-time bayarin ng wastewager na umaaboy sa 100,000 yen
- Pamamaraan ng Pagbayad: Patuloytuloy (katulad ng account transfer, anv pagbayad ay maaaring patuloytuloy pagkatapos mag register)
- Bayad: Libre (※ Ang internet user ang magbayad sa internet connection)
- Tinatanggap na Credit Cards: Cards na mayroong logo ng sumusunod:
- Pamamaraan ng paga-apply: Pumunta sa "Yahoo! Kokin Shiharai" (Yahoo! Utility Bill Payment) website at piliin ang 'Noda City, Chiba Prefecture' sa mga naka lista sa ibana ng 'water fees.'

  Basahin ang mga paalala, sundin ang mga direksyon sa screen at magapply sa pag bigay ng 'customer no.' at ng 'confirmation code' na nakalagay sa Notice of Water Consumption/Fees na galing sa meter reading.

"Yahoo! Kokin Shiharai" Website

Sa PC/smartphone…https://koukin.yahoo.co.jp

(4) Pagbayad sa Smartphone

Pagbayad sa smartphone ay kailangan ng app sa smartphone, atpb. para mabasa yung barcode na nakalagay sa Paalala ng Bayarin.

Ang pagbayad ay maaaring gawin kahit anong oras, 24 na oras araw araw, hindi na kailangan pumunta sa financial institution o convenience store.

◆ Mga Pwedeng Apps sa Pagbayad sa Smartphone

- Pagbayad sa PayPay bill (pwede hanggang 300,000 yen)
- Pagbayad sa LINE Pay bill (pwede 50,000 yen pababa)

◆ Paano Gamitin

Maagang idownload ang app(s) sa iyong smartphone at mag lagay ng pera sa app(s). Tingnan ang bawat website ng kompanya para sa direksyon kung paano magpa-register at mag lagay ng pera.

◆ Mga Website Para sa Pagbayad sa Smartphone

【PayPay Bill Payment】 PayPay **Mula Nobyembre 1, 2021**

- Proseso sa PayPay Bill Payment

https://paypay.ne.jp/event/bill-payment/

【LINE Pay Bill Payment】 LINE Pay Bill Payment

- Tungkol sa LINE Pay【Gabay sa Pag-gamit】

https://pay-blog.line.me/archives/9187215.html

◆ Mga Paalala sa Pagbayad sa Smartphone

1. Walang handling fees, pero ang customer ang magbabayad sa pagdownload ng apps at telecommunication fees.
2. Mga resibo ay hindi inilalabas kapag sa smartphone nag bayad. Kung kailangan ninyo ng resibo, magbayad sa convenient stores o financial inatitutions na nakalagay sa likod ng payment slip. Maaring iconfirm ang pagbayad sa history ng email notifications (messages) na galing sa payment service provider o sa payment history sa loob ng app (transaction history).
3. Pagkatapos mag bagad, mayroon ka paring payment slip na walang stamp of reciept. Mag ingat ng hindi magbayad ng dalawang beses.

Bayarin sa Tubig

- Ang bayarin sa tubig ay ang total amount ng basic fee na nakabase sa meter diameter kahit nagamit o hindi ang tubig at ang meter rate na nakabase sa nagamit na tubig.

Calculation Table Para sa Bayad ng Tubig

Calculation Table (sa 2 buwan na pag-gamit) ≪Kasama ang buwis sa mga halaga sa table≫

Diameter	Basic Fee	Meter Rate (bawat 1m³) Unit price bawat gamit ng tubig)				
		–20m³	21m³ – 40m³	41m³ – 80m³	81m³ – 200m³	201m³ –
13mm	3,256.00 yen	Basic fee lang	115.50 yen	198.00 yen	291.50 yen	357.50 yen
20mm	4,070.00 yen					
25mm	4,906.00 yen					
40mm	7,964.00 yen	104.50 yen				
50mm	12,034.00 yen					
75mm	25,696.00 yen					
100mm	42,218.00 yen					
150mm	89,540.00 yen					
200mm	123,178.00 yen					

※ Kumpirmahin ang diameter ng metro na nasa meter reading printout.

※ Ang unang meter reading, atbp. ay maaring magiba kumpara sa calculation table sa itaas depende sa tagal ng pag-gamit.

※ Ang bayad sa pangtigil ng tubig ay ¥500.

Suippi ng Noda

◆ Pamamaraan ng Pag-kalkula ng Bayarin sa Tubig

Basic Fee ＋ Meter Rate ＝ Halaga ng Bayarin

Halimbawa:

【Diameter ng metro ay 13mm at gamit ng tubig sa loob ng 2 buwan ay $50m^3$】

Basic Fee Diameter ng metro ay 13mm 3,256.00 yen

Meter Rate Gamit ng Tubig = $50m^3$

(Ang bayad ay basic fee lang kapag ang gamit ng tubig ay mula $0m^3$ hanggang $20m^3$)

$21m^3 – 40m^3$: $20m^3 \times 115.50$ yen = 2,310 yen

$41m^3 – 50m^3$: $10m^3 \times 198.00$ yen = 1,980 yen

Total 4,290 yen

Ang halaga ng pag-gamit ng tubig ay depende sa meter rate.

- $0m^3$–$20m^3$
  Basic fee lang
- $21m^3$–$40m^3$
  115.50 yen/$1m^3$
- $41m^3$–$50m^3$
  198.00 yen/$1m^3$

Bayarin ng tubig sa 2 buwan sa sitwasyong ito...

Basic Fee 3,256.00 yen	＋	Meter Rate 4,290.00 yen	＝	Bayarin ng Tubig 7,546 yen

(Tinanggal ang halagang mas mababa sa 1 yen)

Table ng Bayarin ng Tubig

Diameter 13mm (Sa 2 buwan ng pag-gamit)

Tubig (m^3)	Bayad(Yen)	Tubig (m^3)	Bayad(Yen)	Tubig (m^3)	Bayad(Yen)	Tubig (m^3)	Bayad(Yen)
0	3,256						
1	3,256	41	5,764	81	13,777	121	25,437
2	3,256	42	5,962	82	14,069	122	25,729
3	3,256	43	6,160	83	14,360	123	26,020
4	3,256	44	6,358	84	14,652	124	26,312
5	3,256	45	6,556	85	14,943	125	26,603
6	3,256	46	6,754	86	15,235	126	26,895
7	3,256	47	6,952	87	15,526	127	27,186
8	3,256	48	7,150	88	15,818	128	27,478
9	3,256	49	7,348	89	16,109	129	27,769
10	3,256	50	7,546	90	16,401	130	28,061
11	3,256	51	7,744	91	16,692	131	28,352
12	3,256	52	7,942	92	16,984	132	28,644
13	3,256	53	8,140	93	17,275	133	28,935
14	3,256	54	8,338	94	17,567	134	29,227
15	3,256	55	8,536	95	17,858	135	29,518
16	3,256	56	8,734	96	18,150	136	29,810
17	3,256	57	8,932	97	18,441	137	30,101
18	3,256	58	9,130	98	18,733	138	30,393
19	3,256	59	9,328	99	19,024	139	30,684
20	3,256	60	9,526	100	19,316	140	30,976
21	3,371	61	9,724	101	19,607	141	31,267
22	3,487	62	9,922	102	19,899	142	31,559
23	3,602	63	10,120	103	20,190	143	31,850
24	3,718	64	10,318	104	20,482	144	32,142
25	3,833	65	10,516	105	20,773	145	32,433
26	3,949	66	10,714	106	21,065	146	32,725
27	4,064	67	10,912	107	21,356	147	33,016
28	4,180	68	11,110	108	21,648	148	33,308
29	4,295	69	11,308	109	21,939	149	33,599
30	4,411	70	11,506	110	22,231	150	33,891
31	4,526	71	11,704	111	22,522	151	34,182
32	4,642	72	11,902	112	22,814	152	34,474
33	4,757	73	12,100	113	23,105	153	34,765
34	4,873	74	12,298	114	23,397	154	35,057
35	4,988	75	12,496	115	23,688	155	35,348
36	5,104	76	12,694	116	23,980	156	35,640
37	5,219	77	12,892	117	24,271	157	35,931
38	5,335	78	13,090	118	24,563	158	36,223
39	5,450	79	13,288	119	24,854	159	36,514
40	5,566	80	13,486	120	25,146	160	36,806

※ Kasama ang consumption tax (10%) sa bayad.

Table ng Bayarin ng Tubig

Diameter 20mm (Sa 2 buwan ng pag-gamit)

Tubig (m³)	Bayad(Yen)	Tubig (m³)	Bayad(Yen)	Tubig (m³)	Bayad(Yen)	Tubig (m³)	Bayad(Yen)
0	4,070						
1	4,070	41	6,578	81	14,591	121	26,251
2	4,070	42	6,776	82	14,883	122	26,543
3	4,070	43	6,974	83	15,174	123	26,834
4	4,070	44	7,172	84	15,466	124	27,126
5	4,070	45	7,370	85	15,757	125	27,417
6	4,070	46	7,568	86	16,049	126	27,709
7	4,070	47	7,766	87	16,340	127	28,000
8	4,070	48	7,964	88	16,632	128	28,292
9	4,070	49	8,162	89	16,923	129	28,583
10	4,070	50	8,360	90	17,215	130	28,875
11	4,070	51	8,558	91	17,506	131	29,166
12	4,070	52	8,756	92	17,798	132	29,458
13	4,070	53	8,954	93	18,089	133	29,749
14	4,070	54	9,152	94	18,381	134	30,041
15	4,070	55	9,350	95	18,672	135	30,332
16	4,070	56	9,548	96	18,964	136	30,624
17	4,070	57	9,746	97	19,255	137	30,915
18	4,070	58	9,944	98	19,547	138	31,207
19	4,070	59	10,142	99	19,838	139	31,498
20	4,070	60	10,340	100	20,130	140	31,790
21	4,185	61	10,538	101	20,421	141	32,081
22	4,301	62	10,736	102	20,713	142	32,373
23	4,416	63	10,934	103	21,004	143	32,664
24	4,532	64	11,132	104	21,296	144	32,956
25	4,647	65	11,330	105	21,587	145	33,247
26	4,763	66	11,528	106	21,879	146	33,539
27	4,878	67	11,726	107	22,170	147	33,830
28	4,994	68	11,924	108	22,462	148	34,122
29	5,109	69	12,122	109	22,753	149	34,413
30	5,225	70	12,320	110	23,045	150	34,705
31	5,340	71	12,518	111	23,336	151	34,996
32	5,456	72	12,716	112	23,628	152	35,288
33	5,571	73	12,914	113	23,919	153	35,579
34	5,687	74	13,112	114	24,211	154	35,871
35	5,802	75	13,310	115	24,502	155	36,162
36	5,918	76	13,508	116	24,794	156	36,454
37	6,033	77	13,706	117	25,085	157	36,745
38	6,149	78	13,904	118	25,377	158	37,037
39	6,264	79	14,102	119	25,668	159	37,328
40	6,380	80	14,300	120	25,960	160	37,620

※ Kasama ang consumption tax (10%) sa bayad.

Mga Administrative Area ng Waterworks

◆ Ang nag mamayari/administrative areas of maintenance ay magkaiba depende sa lugar ng waterworks.

- Ang mga tubo ng tubig mula sa public-private boundary hanggang sa loob ng tirahan ay pag-aari ng customer, at ang lugar mula sa gripo sa labas ng water service ay responsibilidad ng customer.
- Kapag may tulo sa loob ng tirahan, ang bayarin ng tubig ay responsibilidad ng customer. Kapag mahirap mahanap ang tulo dahil nasa ilalim ng lupa, atbp., tawagan ang Customer Service Center o ang Waterworks Department dahil maaring maging bayarin ito.

  Ang bagarin sa pagaayos ng tulo ay responsibilidad ng customer.



◆ Construction Work sa Loob ng Tirahan

- Lahat ng bagong construction/remodeling/repair work sa loob ng tirahan ay isinasagawa ng designated water service installation companies registered sa Waterworkd Department.
- Ang construction work na isinagawa ng iba na hindi designated water service instalation companies ay maaaring ulitin.

◆ Kapag Nakitang May Tulo sa Daan

- Kapag nakitang may tulo sa daan, tawagan ang Waterworks Department.
- Kapag malala ang tulo, masususpende ang water service para ayusin ang mga sira. Salamat sa inyong pakikisama.

Bagong Application

- Magsabmit ng Application for Water Service Instalation Work sa Waterworks Departmentat magbayad ng water service application fee.
- Maaring humingi ng tulong sa designated water service installation company in Noda City para sa proseso ng bagong application.
- Kailangan bayaran ang gastos sa construction sa pag kuha ng tubig mula sa tubo papunta sa tirahan at ang gastos sa piping work sa loob ng tirahan.
- Mag tanong sa designated water service installation company para ipagawa ang trabaho.

◆ Mga Bayarin sa Pag-apply sa Water Service

Diameter ng Tubo ng Tubig	Halaga ng Bayarin
13mm	110,000 yen
20mm	317,900 yen
25mm	561,000 yen
40mm	1,714,900 yen
50mm	2,860,000 yen
75mm	8,796,700 yen
100mm	18,095,000 yen
150mm	Halaga ng bayarin na itinatag ng administrator
200mm	
Iba pa	

※ Kasama ang consumption tax (10%) sa bayarin.

○ Handling Fee

Design Review Fee	4,500 yen
Work Inspection Fee	1,300 yen
Connection Fee	500 yen
Total	6,300 yen

※ Walang consumption tax ang mga bayarin sa itaas.

◇ **Ang mga halaga sa itaas ay hindi kasama ang gastos sa construction work.**

◆ Usapan Bago Magpakabit ng Tubig

- Usapan bago magpakabit ng tubig ay kailangan para sa mga plano para sa mga residential development, pagtayo ng building (hal. condominium, pabrika, at malalaking tindahan) at plano para sa existing building na lagpas 4m³ ang max. water supply sa 1 araw o lagpas 500 ㎡ ang construction area o gagamitin ang pressure water service system para sa pagsupply ng tubig o magpakabit ng direct connection-type sprinkler.

Pamamaraan sa Pag Hanap ng Tulo sa Tirahan

- Ang water meter pilot sa inyong tirahan ay kayang mahanap ang tulo sa bahay.
- Ang tulo na nasa ilalim ng lupa ay maaaring makasira ng tirahan at mga buildings kapag hindi mahanap agad.
- Ugaliing tingnan ang pilot para makita agad ang tulo.

◆ Masdan ang Water Meter

Isara ang lahan ng mga gripo. Kapag umiikot ang **pilot**, maaring may tulo. (masdan ang metro ng mga 30 sec.)
Ipatingin agad sa designated water service installation company at ipaayos agad.



Pilot

- Siguraduhing ipagawa kahit gaano kaliit ang tulo, dahil ang bayarin sa tubig ay lumalaki kapag pinabayaan.
- Maaring malaman sa water meter kung may tulo o wala.
- Kapag may tulo, pansamantalang patayin ang mga gripo sa loob ng meter box at magparequest ng repairs sa designated water service installation company.

Magroong gripo sa loob ng meter box. Kapag may tulo, pansamantalang patayin ang tubig gamit ang gripo.





Ang Tubig ay Ligtas

◆ Ang pagtest ng quality ng tubig ay laging isinasagawa.

• Ang tubig ay pasok sa quality standards ng Water Supplt Act.

• Ang resulta ng water quality testing ay makikita sa sumusunod na website:

http://www.city.noda.chiba.jp/suido/index.html

＜Mga Aytem ng Water Quality Inspection sa Water Supply Act＞

〈 3 aytem〉 ：Kulay, cloudiness, residual chlorine ・・・・・・・・・・・・・・・・・・・・Araw-araw

〈51 aytem〉 ：Ordinaryong bakterya, bacterium coli, kemikal, atbp.・・・・・・・・・・・1 beses sa 3 buwan

〈25 aytem〉 ：Ordinaryong bakterya, bacterium coli, mga iba pang kemikal, atbp. ・・・18 beses sa 1 taon

Ang mga nasa itaas ay isinasagawa para sa inyong kaligtasan.

Tinitingnan din namin ang level ng radioactivity lagi-lagi, at walang radioactive materials na natatagpuan sa tap water.

Paghahanda sa Kalamidad

Mga Dapat Gawin sa Oras ng Kalamidad

● Pagresponde sa mga Water Supply Station

Sa oras ng kalamidad, tulad ng lindol, makakaroon ng water supply station sa mga evacuation site at iskuelahan na nakasalalay sa Noda City Regional Plan for Disaster Prevention.

※ Tingnan ang Noda City website para sa mga evacuation site malapit sa inyo!

• Sa paghahanda sa kalamidad, siguraduhing mayroong kayong nakareserbang tubig sa inyong bahay. **Dapat 3L kada tao.**

Mga bagay na kailangan ihanda palagi

～Siguraduhing palaging mayroong reserbang pagkain, tubig atbp. sa inyong bahay～

◆ Reserbang Tubig

Punuin ang malinis na bote, plastic PET bottles, atbp. ng malinis na tubig, siguraduhing walang hangin na makakapasok, at ilagay sa malamig na lugar. hanggang 3 araw malinis ang tubig. Mga tubig na naluma ay maaring gamitin maliban sa paginom.

◆ Maghanda ng mga Lalagyanan Para sa pag Reserba ng Tubig

Kapag walang lalagyanan para sa tubig, ilagay ang dalawang pirasong plastic bag sa timba, plastic case, karton, atbp. at itali ang bibig nito para maging lalagyanan ng tubig pang samantala.

◆ Magdala ng Tubig Panligo

Maaring gamitin ang tubig panligo para pang flush ng inidoro o pang patay ng apoy.

Pagtabi ng mga Gamit

Ang Waterworks Department ay nagtatabi ng mga gamit na may kinalaman sa tubig gaya ng water tank truck, water tank at lalagyanan ng tubig para magagamit sa oras ng kalamidad.

- ◎ **1 water tank truck (3,000L) at 2 water tank truck (2,000L)** ⇒ Para maidala ng tubig sa evacuation center o sa mga fasilidad sa oras ng emergency.
- ◎ **5 water tank (2,000L)** ⇒ na maaring gamitin bilang emergency water supply station.
- ◎ **74 water tanks (300L)** ⇒ ay maaaring ilagay sa lahat ng mga 74 evacuation site na nakalagay sa Regional Plan for Disaster Prevention.
- ◎ **875 plastik na lalagyanan (20L)**
- ◎ **19,600 bag ng tubig (6L, 10L)**

Mga Pangkalamidad na Kasunduan

Sa paghahanda sa kalamidad, ang Waterworks Department ay nagkasundong makikipagkaisa sa pagharap sa kalamidad sa kalapit na government, private companies at organisations.

Kapag ang waterworks facilities, atbp. ay nasiraan, hihingi kami ng tulong sa mga nakipagkasundong partner kung kailangan. Mahusay na pag aayos at kasikapan ng provision of emergency water supplies, mga kailangang supplies para sa pagaayos, sasakyan, human resources support, atbp. ay tutungo sa mabilis na kaayusan ng water services.

Sa Mayo 2020 mayroong kasunduan para sa supply ng fuel, atbp. sa pagkakataong may kalamidad sa gitna ng Noda City at Noda Branch ng Chiba Prefecture Petroleum Cooperative. Sa oras ng kalamidad, makakahingi kami ng supply ng fuel tulad ng gasoline, diesel oil at heavy oil para sa emergency na sasakyan, emergency generators, atbp.

Mga Nakipagkasundong Partners

- Chiba Prefecture, 12 water supply businesses, at 37 water utility businesses sa Chiba Prefecture
- Kikkoman Corporation, 11 water supply businesses, at 33 water utility businesses sa Chiba Prefecture Branch ng Japan Waterworks Association
- Nagareyama City
- Noda City Plumbers Association
- Toshiba Infrastructure Systems & Solutions Corporation East Kanto Branch
- Yokogawa Electric Corporation Hamano Office
- Fukui Denki
- Aktio Corporation Kashiwa Office
- Shinko Juki Co., Ltd. Noda Office
- Kanamoto Co., Ltd. Noda Office
- Chiba Lease Kogyo Corporation Noda Office
- Komei MFG. Co., Ltd.
- DK Corporation
- Chiba Prefecture Petroleum Cooperative Noda Branch



Robokan ng Noda

Mag Ingat sa mga Manlolokong Tao

- Mayroong insidenteng kung saan may nagkukunwaring personnel ng Waterworks Department o isang outsourced contractor na nagsasabing may 'free inspection' o 'required cleaning' na biglang manghihingi ng mataas na bayad.

- Ang Waterworks Department ay hindi nag sasagawa ng 'pag lilinis ng water pipes', 'pag bebenta ng water purifiers' o 'pagcheck ng water quality', o mga trabahong hindi nirequest.

- Mga empleyado ng Waterworks Department at mga tagabasa ng metro at mga empleyado ng Customer Service Center ay laging may dalang name tag at ID. Hingin ang ID para makasigurado.

- Kapag may kahinahinalang pangyayari, tawagan agad ang Waterworks Department.

Espesipikong Halimbawa

① Paglalagay ng DPD reagent sa dubig gripo, at magiging pink para mukhang madumi ito.

→ Ginagamitan ng residual chlorine para magkaroon ng pagbabago sa tubig at gagawa ng kasinungalingan.

② Maglalagay ng dalawang electrode sa gripo at magkakaroon ng electric current para magkaroon ng brown sa tubig.

→ Ang latak ay hindi galin sa tubig kundi sa electrode na bakal at aluminum.

③ Pumunta ang “contractor” sa bahay ng customer at sinabi niya na “Kailangan linisin ang tubo ng tubig”. Kapag pinalinis ito, binenta niya ng mamahaling water activator dahil may “kalawang” daw.

→ Hindi dapat nagbebenta ang contractor. At ang water activator ay bibilhin lamang pagkatapos napagplanuhan at talagang kinakailangan.

Mga Paalala sa Paggamit ng Tubig

Iwasan ang mga aksidente tulad ng tulo sa pagiging handa at laging magpatingin sa eksperto.

Ang mga sumusunod ay maaring pahiwatig na may tulo

◆ **Sa Inidoro**

- Lumalabas ba ang tubig o may naririnig bang tunog ng tubig kahit hindi ginagamit?

◆ **Sa Water Heater (Boiler, electric water heater, atbp.)**

- Lagi bang basa sa ilalim ng water heater, o may tumutulo sa drain pipe?

◆ **Iba Pang Pangyayari**

- Laging basa ang pader o sahig kung saan may tubo
- Laging may daloy ng malinis na tubig sa drainage
- Laging tumutulo sa gripo
- Tumulo sa water storage tank

Paano Hanapin ang Tulo

- **Maaring malaman kung may tulo gamit ang metro.**

① Patayin lahat ng gripo sa tirahan.

② Masdan ang pilot na kulay silver sa bandang gitna ng metro.

③ Kapag umiikot ang pilot, maaring may tulo.

Tawagan

- **Magrequest ng repair sa malapit na designated water service installation company sa Noda City**

※ Para mahanap ang repair company, tingnan ang listahan ng designated water service sa Noda City Waterworks Department website.

Mag ingat sa pagyeyelo ng pipes sa taglamig!

Sa panahon na bumubaba ang temperatura, maaring magyelo ang mga tubo ng tubig at masira kapag nakalagay sa madilim o nakalabas.

- **Para Maiwasan ang Pagyeyelo**

Epektibo ang paglalagay ng pantakip ang mga tubo na nasa dilim, nasa labas, o natatamaan ng malakas na hangin gamit ang tela o bagay na hindi lunalamig hanggang sa gripo at lagyan ng tali o tape.

Para sa metro, epektibo ang paglalagay ng tela o styrofoam sa loob ng meter box.

- **Kapag Nagyelo ang mga Tubo**

Lagyan ng twalya o tela ang nagyeyelong tubo at dahan dahang ibuhos ang maligamgam na tubig.

Kapag Nagkaproblema

Kapag may nasira o may problema, kumalma at alamin ang situwasyon.
At tumawag ng tulong para sa mabilis na solusyon!

Walang tubig

Saan hindi lumalabas ang tubig?

Gripo at inidoro

Maaring barado ang water pipes o may gripong may sira, kaya magrequest kayo ng repair.

Tawagan ang designated water service installation companies na malapit sa inyo.
※ May listahan ng contractors sa website ng Waterworks.

※ Ang Customers ang may responsibilidad sa mga gastos.

Sa buong bahay

① Nakabukas ba ang gripo?
② Mayroon bang konstruksyon sa lugar ninyo na mahihinto ang tubig?
Maaaring nagkaroon ng aksidenteng tulo o sinuspende ang water supply dahil sa construction work.
Tawagan niyo kami para matingnan ang situwasyon.

Waterworks Department
☎ 04-7124-5146

Tumutulo

Nasaan ang tulo?

Sa labas ng tirahan (daanan)

May biglang nagkaroon ng tulo. Tawagan niyo kami para matingnan agad ang dahilan ng tulo at maayus agad.

Waterworks Department
☎ 04-7124-5146

Sa loob ng tirahan

Nasaan ang tulo?

Sa loob ng bahay (gripo, inidoro, atbp.)

Tawagan ang designated water service installation companies na malapit sa inyo.
※ May listahan ng contractors sa website ng Waterworks.

※ Ang Customers ang may responsibilidad sa mga gastos..

Sa labas ng bahay (bakuran, sa loob ng meter box, atbp.)

Sabihin niyo sa amin kung saan ang tulo para malaman kung kanino namin ipapaayos.

Waterworks Department
☎ 04-7124-5146

Iba Pang Mga Problema

Tanong	Dahilan at Mga Dapat Gawin	Tumawag sa
Hindi ko makita ang metro at gripo	Nasa harap ng bahay, sa gitna ng daanan at tirahan, o sa pagitan ng mga tubo. Kung hindi niyo mahanap, tawagan niyo kami.	Customer Service Center ☎ 04-7122-5959
Ayaw tumigil ang tubig maski nakasara ang gripo	Maaring sira ang gripo dahil naluma na. Tawagan niyo kami.	Waterworks Department ☎ 04-7124-5146
Mahina ang tubig	Kapag humihina ang tubig depende sa oras, kinakailangan na ng inspeksyon. Tawagan niyo kami.	
May problema sa water gate valve sa daanan, fireplug, atbp.	Maaring nagbago ang itsura dahil naluma na. Tawagan miyo kami para ayusin.	
Sira ang takip ng meter box	Ang meter box ay pagaari ng customer, kaya ang pagpapagawa at gastos ay responsibilidad ng customer.	Designated water service installation companies na malapit sa inyo ※ May listahan ng contractors sa website ng Waterworks Department.

Mizuka-chan
ng Noda

Paano Gamitin ng Tama ang Tubig

Mga Paraan ng Pag Tipid ng Tubig

Huwag Sayangin ang Tubig

① **Laging isara ng mabuti ang gripo**

Ugaliin patayin ang gripo ng madalas para makakatipid sa tubig katumbas ng 5 minutong pag-gamit.

Makakatipid ng 30L na tubig.

② **Lever ng inidoro • • • Gamitin ang lever ng tama**

Ang lakas ng daloy ng tubig ay depende sa paggamit ng lever.

Huwag mag flush ng dalawang beses (makakatipid ng 6-10L ng tubig) at gamitin ang lever ng tama.

③ **Gamitin ang baso sa pag sisipilyo at timba sa pag lilinis ng kotse**

Huwag hayaang nakabukas ang tubig.

Gumamit ng 3 baso ng tubig sa pagsisipilyo makakatipid ng 17L ng tubig kumpara sa hinahayaang nakabukas ang gripo ng 3 minuto.

Gumamit ng 5 timbang tubig sa paglilinis ng kotse makakatipid ng 190L na tubig kumpara sa hinahayaang nakabukas ang gripo ng 20 minuto habang gumagamit ng hose.

④ **Laging patayin ng mabuti ang shower**

Ugaliing patay bukas ang shower ng madalas habang naliligo. Makakatilid ito ng 3 minuto na pag-gamit at ng 36L na tubig.

⑤ **Hugasan ang mga gulay at pinggan gamit ng nakaipon na tubig**

Hinahayaang nakabukas ang gripo habang nag huhugas ay nagagamit ang 60L na tubig, pero pag naghugas gamit ng nakaipon na tubig sa sink ay nagagamit lamang ang 30L na tubig.

Ireuse ang Tubig

① **Tubig panligo ang gamitin sa paglalaba at sa iba pang gawain**

Gumamit ng tubig panligo sa paglalaba, paglilinis, pagdidilig, pag linis ng kotse at iba pa para makakatipid ng 100L ng tubig!

② **Gamitin ulit ang tubig na natira sa paglilinis ng bigas.**

Ang tubig na ginamit sa bigas ay maaring magamit sa iba pang paraan.

Maaring gamitin sa paglinis ng sahig, pagdidig, at pagluluto.

③ **Gamiting ang kumulong tubig sa pag huhugas ng pinggan**

Pagbababad ng mga pinagkainan sa tubig na ginamit para pakuluin ang pagkain ay mapapadali ang pag tanggal ng dumi. Mas madali din ang banlaw.

Pasarapin ang Tubig

① **Pakuluan ang tubig**

Kapag kumukulo na ang tubig, tanggalin agad sa init. Takpan at pakuluan ng 2-3 minuto.

② **Hayaan ang tubig**

Tanggalin ang takip at palamigin.

③ **Palamigin sa refrigerator**

Ilipat sa lalagyanan ng tubig at ilagay sa refrigerator.

Sasarap ang lasa ng tubig sa bandang 10-15°C.

※ Ang tubig na napakuluan ay maari ng mapanis, inumin ito bago lumipas ang 1-2 araw.

Kapag Nangyari Ito

● **Magiging mapula ang tubig (kulay kalawang)**

＜Kapag biglang naging kulay kalawang na ang tubig＞

Maaaring dahil may konstruksyon o aksidente sa waterworks, o dahil sa pag suspende ng tubig o pag iba ng lakas ng tubig at nalalagas ang kalawang sa pipes. Sa mga pagkakataong ito, patuluin ang tubig ng matagal hanggang luminis.

● **Maputi, at malabong tubig**

＜Aeration＞

Kapag nag puno ka ng tubig sa baso at naging malinaw ito pagkalipas ng 1-2 minuto, nahalo lamang ang hangin dito at hindi dapat mangamba.

＜Metal (iron, zinc) Elution＞

Kapag ang tubig ay hindi naging malinaw kahit 1-2 minuto na nakalipas, maaring ang bakal (zinc) ay humalo sa tubig. Palitan ang water supply pipes o gamitin pagkatapos malinis ang tubig sa pipes.

● **Makikinang na lumulutang sa tubig (flaking)**

Tuwing pinakukuluan ang tubig o tuwing natutunaw ang yelo, maaaring magkaroon ng kumikinang na lumulutang sa tubig. Ito ay tinatawag na flaking at ito ay soluble silica at minerals na nag crystallized. (wala itong dinudulot na masama sa katawan)

● **Kapag hindi nagamit ang tubig ng matagal**

Kapag hindi nagamit ang tubig ng matagal dahil lumuwas, umalis ng bahay, atbp. patuluin ang tubig katumbas ng isang timba bago ito gamitin.

● **Tubig na may amoy**

Ayon sa batas, dapat chlorinated ang tubig. Amoy ng chlorine (parang amoy ng sabon panlaba) ay katibayan na malinis ang tubig. Maaaring inumin ang tubig.

Kapag nangyayari ang mga ito, tawagan ang sumusunod

Proseso sa pag-gamit/hingi ng impormasyon (● Paggamit/pagtigil ng tubig ● Proseso ng pagbayad, atbp.) **Tungkol sa Pagbabasa ng Metro/Bayarin**	Customer Service Center (Lunes–Biyernes) (*1) 8:30 a.m.–8:00 p.m. ☎ 04-7122-5959 (representative)
Tungkol sa Tubig (● Tulo ● Walang Tubig ● Kalidad ● Konstruksyon, atbp.)	Waterworks Department (Lunes-Biyernes) (*1) 8:30 a.m.-5:15 p.m. ☎ 04-7124-5145 (Voice Guidance) ☎ 04-7124-5146 (Voice Guidance)
Problema sa tubig sa gabi o holiday (Tuwing tatawag ng may emergency, i-konek kayo sa security company, pero ang mga empleyado ng Wagerworks Department ang matatawagan at may responsableng sumagot.)	Tawagan sa gabi o sa holiday ☎ 04-7124-5145

(*1) Sarado tuwing Sabado, Linggo, national holidays, at year-end/New Year holidays

Noda City Waterworks Department (324 Nakane, Noda 278-0031)

Website: **http://www.city.noda.chiba.jp/suido/index.html**

Paalala sa Paggamit ng Tubig, Bayarin, atbp.

Attn.:

Gumamit mula _____ hanggang _____ Tagabasa ng Metro

		Petsa ng Reading
❶ Kasalukuyang Reading	m³	
❷ (-) Nakaraang Reading	m³	
(+) Dami ng Tubig sa Dating Metro	m³	
❸ Dami ng Tubig Ngayon	m³	
❹ Wastewater na Inilalabas	m³	
Water Fee		yen
(Consumption Tax		yen)
Bayad sa Paggamit ng Sewage System		yen
(Consumption Tax		yen)
❺ Total		yen

❻ ◎Due date ng bayarin ay _____, 20_____.

❼ Customer No.	❽ Confirmation Code	
Area No.	Meter No.	Diameter

❾ Notification of Completer Account Transfer (para sa account transfer)

Ginamit mula _____ hanggang _____ Petsa ng Renmitance: _____

Water Fee	m³	yen
(Consumption Tax		yen)
Bayad sa Paggamit ng Sewage System	m³	yen
(Consumption Tax		yen)
Total		yen

Pang Komunikasyon

◎ Sa susunod na meter reading ay 1-7 ng _____, 20___.

◎ Huwag ninyong itali ang aso o itapon ang anumang bagay sa tabi ng metro. Kung sakaling hindi mababasa ang metro, tatantsahin nalang namin ang dami ng nagamit na tubig.

Para sa bayarin bukod sa account transfer at credit card, paki bayaran gamit ang Billing Notice na ipapadala sa inyo sa gitna ng buwan.

Ang papel na ito ay hindi pwedeng gamitin para sa pagbayad.